# Oyayi man ang hilik

Dennis Andrew S. Aguinaldo

## Organic ang klinika

Bakit kung kailan ka pa nagmumog,
Saka mo mararamdamang tila malalaglag
'Yung isang ipin sa bandang dulo?

(Salamat kung hindi mo pa ito nararamdaman
Pero narito ka pa rin, patuloy na nakikinig.
Salamat lalo kung hindi naniniwala

At pinagbibigyan mo kami ng aking bagang.)
Kung kailan nagmumog ng kemikal, saka lang maiisip
Na kapos na kapos sa tagubilin—

> *Kailangang mag-defrost,*
> *Lubayan ang mantika,*
> *Doblehin ang banlaw sa buhok,*
> *At hinay-hinay. Muli:*
> *Hinay-*
> *Hinay.*
> *Ika'y kaiga-igaya*
> *Ngunit ugaliing magsepilyo*—Ano ba!

Dumako na naman tayo sa bango
Ng hiningang nagpapaalam.

## Lagpas sa best before

Buti maayos kayo riyan
At may sistema ho.
Hindi lang ninyo matatanggal sa akin
Ang mainggit kay manong traysikel
Na aabutan lang ng trenta'y
Ipapamalengke kayo ng sisigangin.

Pasosobrahan pa ng kalahating labanos
Dahil kulang ang ulam kapag walang bilog.
Nay, kabaligtaran ng bagong taon itong lagay natin.

Pati ang mga batang natatawag ninyo
Para pagalitan at walang face mask
At magsiuwi kayo mga utoy,
Pero pakidutdot muna ang kanal at mukhang barado.
At ikaw, iho, akyatin man din itong bayabas.
Bawal sa akin 'yan, iuwi ninyo sa mga nanay ninyo.
Pati ireng malunggay.
Ito ang inyo, itong lollipops,
At ayaw ng anak ko niyan para sa mga apo ko.

Nay, dating-dati pa 'yun, wala pang Pasko,
Buhay pa si Auntie,
At hindi 'yan ang sinabi ko.
Kung hindi kabaligtara'y naki ito ang pinakabagong taon
Sa abot ng ating makakaya.

## Oyayi man ang hilik

Patapos na ang araw mo, anak.
Na ibig sabihi'y kaarawan
At kawalan ko ng ingat sa salita

Sa panahon ng ibayong pag-iingat.
Bawasan natin ang matatamis
Bukas. Gusto ka naming ngumiti

Nang ngumiti, at siya, tumawa.
Magsepilyo, magmumog, mag-lotion
At nakapasok ang lamok

Ngayong kinakapos sa liksi
Itong ating mga butiki.
Hindi nega at mas maiging managinip

Ang iyong nanay. Doon ka kaya humilig—
Katamtaman ang lamig
At eksakto ang dilim.